

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## Lumalahok ang Lungsod ng Brampton sa Longest Night para makapaglikom ng pondo para sa United Way



Ipinaabot nina Mayor Patrick Brown, Konsehal Fortini at Konsehal Singh ang kanilang wish na magtagumpay ang team ng Lungsod ng Brampton bago lumahok sa Longest Night.

BRAMPTON, ON (Pebrero 26, 2022) – Kagabi, ang Lungsod ng Brampton ay lumahok sa Longest (Pinakamahabang Gabi), isang taunang kaganapan na humihikayat sa mga indibidwal at pamilya na gumugol ng isang gabi sa kanilang sasakyan para iangat ang kamalayan sa araw-araw na mga hamon na nahaharap ng mga bata at nasa hustong gulang na namumuhay sa kahirapan. Sampung indibidwal, kasama ang mga miyembro ng team mula sa organisasyon ang hinaharap ang mga elemento nitong

nakakapagpakumbabang karanasan.

Ang staff at mga tagasuporta ng Lungsod ng Brampton ay nakapaglikom ng higit sa \$5,000 bilang suporta sa inisyatibang ito na pupunta tungo sa taunang United Way fundraising campaign ng Lungsod. Ang Lungsod ng Brampton ay isang proud na tagasuporta ng United Way sa loob ng higit sa 40 taon at matagumpay na nakapaglikom ng halos \$2.5 milyon bilang pondo sa panahong iyon na direktong napupunta sa pagsuporta sa komunidad..

### **Mga Quote**

“Napaka-proud ko sa mga miyembro ng team na gumawa ng aksyon kaugnay ng hamon at lumahok sa Longest Night para iangat ang kamalayan sa kahirapan at pagkawalang-tirahan, na isang realidad para sa marami sa komunidad. Ipinagmamalaki nating makipag-partner sa United Way bawat taon para maglikom ng mahalagang punto na direktong napupunta sa pinaka-nangangailangan nito, ngayon higit sa magpakailanman. Salamat sa United Way sa pagiging mahalagang resource para sa Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Isang karangan ang maging Isponsor ng United Way Committee Council para sa 2022 at ang ikaapat sa magkakasunod-sunod na taon, at para makipagtulungan sa isang team na pupunta sa higit pa at lampas pa sa mga event at naglilikom ng mga pondo para sa ating komunidad. Ipinagmamalaki ko ang makita na lumampas pa tayo sa ating target sa paglilikom ng pondo sa inisyatibang Longest Night. Ito ay isang napakagandang paraan para umpisahan ang ating taunang kampanya sa paglilikom ng pondo.”

- *Doug Whillans, Isponsor ng United Way Council , Konsehal ng Lungsod, Wards 2 at 6*

“Ang paglahok sa Longest Night ay tunay na nakakapagkumbabang karanasan na nagbibigay ng sulyap sa realidad na nahaharap ng ating komunidad gabi-gabi. Ipinagmamalaki ko ang maging United Way Committee Chair ng Lungsod ng Brampton sa taon na ito at ang makipagtulungan sa isang maalab na team ng mga volunteer na walang pagod na nagtatrabaho para suportahan an gating komunidad.”

- *Steve Ganesh, 2022 United Way Committee Chair, Manager, Development Services*

“Gusto kong taos-pusong pasalamatang ang Lungsod ng Brampton sa paglilikom ng mga pondo at pagpapaangat sa kamalayan ng kawalang-tirahan sa pamamagitan ng kanilang outstanding at nagpapatuloy na suporta para sa Longest Night. Sa rehiyon ng Peel, may higit sa 10,800 indibidwal ang walang tirahan o nasa panganib ng pagka-walang tirahan. Ang United Way ay committed sa patuloy na pakikipagtulungan sa mga organisasyon ng komunidad tulad ng Lungsod ng Brampton para suportahan ang komunidad at burahin ang kahirapan sa Peel.”

- *Daniele Zanotti, Presidente at CEO, United Way Greater Toronto*



## Media Release

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

### KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)